A NOTE FROM THE EDITORS

# *Plaridel* sa Maraming Lupalop at Wika

Matagal nang hangarin ng *Plaridel Journal of Communication, Media, and Society* ang maging isang mapagtitiwalaan at nakatutugong plataporma para sa paglalathala at paglikha ng dunong na hindi lámang nakatuon sa larangang Filipino bagkus nakabaling din sa mga kabaguhang nagaganap sa kapitbahayang Asyano. Sa pagtuklas nito sa malalawak na paksaing midya at aralíng talastasan mula sa parehong panig, nakapagtanghal na ito sa bawat isyu ng hindi iilang kuwalitatibo at kuwantitatibong akda hinggil sa datíng ng midya, pagtataya sa industriya, pagsusuring poli-ekonomiko, paglubog sa mga kagawiang kultural, pagsusulong sa aralíng pamahayagan, atbp. Ang minsang nagtalaga sa sarili bílang "national journal of communication" noong itatag ito táong 2004 ay masasabi na ngang nakalagpas na, at lumalagpas pa, sa mga hanggahang heograpiko at maaari pa nga, disiplinal, na itinakda nito para sa sarili. Sumusunod sa agos ng pabago-bago, walang tiyak, komplikado, at masigalot nating búhay ang *Plaridel*, sa gayunding paraan na nagsisikap itong humabol sa mga panibago at lumalaksang pag-unawa hinggil sa komunikasyon, midya, at lipunan.

Sa bílang na ito na maituturing na Isyung Asyano [maaari ring "ASEANo"], tampok ng *Plaridel* ang isang natatanging tagpuan ng mga daigdig ng mga wika at kamalayang Filipino at Bahasa Meluyu/Bahasa Indonesia, sa bisà ng masusing pagsipat sa sari-saring kontemporaneong danas sa tradisyonal at nagbabagong midya sa mga bansang Filipinas, Malaysia, at Indonesia. Walo ang mga artikulo ng isyu, at may tig-aapat sa bawat panig. Animo'y nagtatalaban

at nagbabalitaktakan ang mga ito hinggil sa maraming magkakawangis at magkakaibang kasalukuyang usapin at pinagsasakitan. Magkakaiba man ang mga kontekstong kinatitindigan, pinaglalapit ang mga ito ng pinagsasaluhang kairalang globalisado sa isang bandá, at ng pagganap sa ideya ng integrasyong rehiyonal sa ASEAN (Association of Southeast Asian Nations) sa isa pa. Paksa ng mga papel ang mga midyum ng kasalukuyang panahon: bago at social media, telebisyon, at pelikula. Pinoproblematisa ang mga napapanahong usapin sa politika, kultura, at pamamahayag. Sa pangkalahatan, sinisinop ng mga artikulo ang mga kasalukuyang kaparaanan at kaloob ng midya tungo sa mithing paglabanan ang maraming anyo ng paniniil na kinakaharap ng mamamayan sa kani-kaniyang lipunan. Samantala, ipinakikilala naman ang mga ito sa balangkas at pananaw na Filipino ng introduksiyong ito, sa ngalan ng komitment ng journal na patuloy na makilahok sa intelektuwalisasyon ng pambansang wika.

Sa kurasyon, sinadya ang pagsalit-salitin ng mga artikulong hinggil at/o mula sa Filipinas at Malaysia/Indonesia. Sinikap sa ganitong kaayusan ang maghayin ng rehiyonal na diyalogo kung saan sabáyang inilalathala ang mga artikulo habang nagpapamalas ng kabuoang tinging may kapantayan sa bawat talakayan. Isang ideyal na kapwa nasusulat at nalalathala ang bawat artikulo sa kani-kanilang mga pambansang wika. Subalit kailangang tanggapin na naririto pa rin at nananatili ang udyok at pangangailangan sa Ingles sa akademikong paglalathala lalo sa pandaigdigan larang. Mahulagpusan nawa natin ito pare-pareho sa hinaharap. Pansamantala, mapagkakasyahan ang mga abstrak na nasusulat sa Filipino at Bahasa Meluyu/Bahasa Indonesia bílang tanda ng diyalogong nabanggit. Sinusuhayan din ng kaayusang ito ang panata ng *Plaridel* na luminang ng isang sensibilidad na hindi lámang multimidya kundi pati na rin multikultural. Pinahahalagahan ng journal ang tungkulin nito sa isang rehiyong sarikultural at palagiang nagtatagpo-tagpuan ang mga búhay at danas midya. Kayâ nagsisikap itong huminagap ng isang naiibang anyo at búkas para sa akademikong palathalaang pumapaksa hinggil sa komunikasyon, midya, at lipunan. Ang konpigurasyon ng mga artikulo rito ay isa lámang sa laksang posibilidad ng pagpapatotoo sa sensibilidad na ito. Sa hulí, binubuksan ng kaayusang ito ang potensiyal at pagiging produktibo ng heterologlosia sa malawakang industriyang pampalathalaang pinamihasang maging monolitiko at monolingguwal [makiling sa Kanluran at Ingles]. Para sa isang journal na nakapook sa Filipinas, sa ASEAN, sa Asya, at sa Katimugang Daigdig, nararapat lámang maging halimbawa ng pagtanggap at pakikinig [at pagpapakinig] sa iba-iba at maraming tinig. Kung gayon, talagang pagyakap sa pagkasari-sari ang isyung ito.

Pambungad ang "Dali-dali at dekonstruksyon: Poetika at politika sa panahon ng pinagmamadaling pagtula" ni Michael Francis Andrada. Isa itong

masusing pagsiyasat sa pagtula sa Filipinas gámit ang iba't ibang digital na plataporma sa panahong magalaw ng tatlong panguluhan sa Filipinas bago ang kasalukuyang dispensasyong Ferdinand R. Marcos Jr. Dalawang bagay ang pinahahalagahan ng may-akda: una, nagkaloob ng "demokratikong akses" ang mga plataporma upang tumuklas at lumikha ang mga makata ng napapanahong talinghaga, at ikalawa, patuloy na isinulong ng ganitong makabagong poetika ang tradisyong protesta sa birtud ng panunudyo at pamumuna. Sumunod naman ang "Unraveling fake news in Malaysia: A comprehensive analysis from legal and journalistic perspective" nina Shiang Shiang Lim at Sharon Wilson. Tinatalakay naman dito ang halaga ng pagtuklas sa higit na kontekstuwalisadong pag-unawa sa fake news o "berita palsu," batay sa kuwantitatibong content analysis at kuwalitatibong panayam. Hinahangad nitong ipook ang penomeno na madalas iniuunawa gámit ang Kanluraning lente at inilulugar sa semi-awtoritaryong kaayusan ng Malaysia kung saan palagiang nag-iingat at naninimbang ang mamamahayag. Naniniwala ang mga may-akda na ang solusyon ay nararapat na iugat sa mga pananaw at kairalang minumulan ng taliwas na balitaan.

Pagtutuwid din sa pananaw, sa kasong ito, sa Oryentalismo, ang tinutupad ng "Katutubong vlog: Isang pagsusuri sa oryentalismo sa mga vlog tungkol sa iba't bang Indigenous Cultural Communities/Indigenous People (ICCs/IPs) sa Pilipinas" nina Gian Carlo Alcantara at Feorillo A. Demetillo III. Tinutunghan ng papel ang may 20 vlog sa YouTube na ang paksa ay kulturang katutubo sa bansa, at sinusuri at hinahambing pa nga ang mga lingid at litaw na oryentalismo sa lente ng etik at emik na pananaw. Sa suri at palahambingan, napatutunayan na nagagamit din ng katutubo ang vlog para sa kontra-oryentalismo at pagpapanibago sa kanilang representasyon sa midya. Samantala, ang "Screen and faith: Mediatization of religion through docudrama" ni Nopita Trihastutie ay bumabaling naman sa telebiswal na docudrama upang unawain ang mediyasyon ng relihiyon at pananampalataya sa Indonesia. Sa pamamagitan ng retorikal na kritisismo, sinusuri nito ang isang malaganap na Kristiyanong palabas sa YouTube at datíng nito sa manonood gámit ang mga ipinaskil na komentaryo. Tuloy, nagiging lunsaran ang palabas ng mga usapin at kaisipang etikal at moral, at animo'y napag-aanyong unibersal na balangkas ang Kristiyanismo upang mapaglimian ang mahahalagang bagay.

Sa "Ang pagsapit ng kamuwangan sa pelikula: Isang panimulang pagsipat sa naratibo ng piling coming-of-age films ng Cinemalaya Philippine Independent Film Festival" ni Christopher Bryan A. Concha, sinisipat ang matagumpay na sinematikong anyo at tema ng pagkamulat na naitanghal sa mga pilîng pelikulang indie ng Cinemalaya Philippine Independent Film Festival ng Cultural Center of the Philippines. Gámit ang pananaw ni David Bordwell, naglalatag ng inilalarawang panimulang pagsusuri ang papel sa mga

katangian ng mga pelikula, at naghahango ng mga kaisipang tulad ng pagkasari-sari sa karakterisasyon ng mga pelikula, pagtalakay sa pakikipagkapwa, pagpapamalay hinggil sa milyu o panahon, pagpapahalaga sa espasyo o tagpuan, at representasyon ng kabansaan. Sa kabilâng banda, pinapaksa naman ng "Narrative of Malaysian modernity: COVID-19, Malay women portrayals and popular television serials" nina Md Syed Md Azalanshah, Rosya Izyanie Shamshudeen, Christine Runnel, at Muhammad Zaiamri Zainal Abidin ang representasyon ng de-seryeng drama sa kababaihang Malaysian sa panahon ng Covid 19. Sa pagpapalitaw sa kung papaanong nagpokus ang mga ito sa mga usapin ng pagpapasunod, pagsuway, at kontrol, naibubunyag ang patuloy ng pagtatalaga sa babae sa espasyo at kaasahang domestiko kahit pa sa modernong panahon.

Samantala, dagdag namang diskurso hinggil sa lumalawig na talakayang "Dutertismo" ang "Ang popularidad ng phallic jokes: Isang kritikal na pagsusuri sa mga phallokratikong pahayag ni Rodrigo Duterte sa midya" ni Axle Christien J. Tugano. Humahalaw sa kamakailang akda ni Vicente Rafael hinggil sa "Duterte's Phallus," tinutunghan ng awtor ang phallokrasiya at pagiging phallocrat ni Rodrigo Roa Duterte at sinusuri ang mga kumalat na seksistang pagbibiro nito sa midya. Pinagmumunihan ng papel ang popularidad ng mga biro at pagbibiro ng dáting presidente at inilalantad ang kung papaanong sa paglapastangan sa kalinangan at kamalayang bayan, higit na napalapit siya sa puso ng mamamayan—isa talagang masamâng biro ng kasaysayan. Panghulíng artikulo naman ang "Slow fashion communication on social media: Educating consumers through rational content in Indonesia and Malaysia" nina Angga Ariestya, Petra Koudelkova, Nicky Stephani, Maria Advenita Gita Elmada, at Bakidzanani Dube, na sinusuyod ang nilalaman ng dalawang Instragram account mulang Indonesia at Malaysia upang maunawaan ang pagtatalastas hinggil sa slow fashion at sostenabilidad.

Nagpapasalamat ang mga patnugot sa mga kontribyutor para sa kanilang pakikilahok sa tagpuang rehiyonal na naganap sa bílang na ito, sa masasabing bílang ng maraming lupalop at wika. Umasa kayó na hindi ito ang hulí. Pasasalamat ding malugod sa mga nakatuwang namin sa pagrerebista ng mga artikulong bumubuo sa isyu, at kay Dr. Jualim D. Vela na lumikha ng pintang "Regional Fabric" na nasa aming pabalat, isang maringal na biswal na representasyon ng aming adhikang dialohikal sa bawat hagod ng mga sarikulay.

**LOUIE JON A. SÁNCHEZ, PhD**
Co-Issue Editor

## The June 2024 Issue

This *Plaridel* issue adds to the list of academic research on broadcast, communication, film, and journalism studies in the Association of Southeast Asian Nations (ASEAN) region that strives to pursue evolving understandings of communication, media, and society. It features a unique meeting of Filipino and Bahasa Melayu/ Bahasa Indonesia languages and consciousness through thoroughly examining contemporary media in the Philippines, Malaysia, and Indonesia. The eight articles in the issue are also brought together by a shared globalized existence, on the one hand, and by the performance of regional integration in the ASEAN region, on the other hand. The research interrogates social media, television, and film and their implications for political, social, and cultural formations and processes. It pushes forward the lingering question of the role of media in resisting tyrannies that ASEAN societies face in present times.

This work also actualizes the UP College of Mass Communication's commitment to the UP Diliman Sentro ng Wikang Filipino to publish research using Filipino as an academic language.

**JONALOU S. LABOR, PhD**
Co-Issue Editor